Mapapalad ang mga inuusig dahil sa katuwiran, sapagkat sa kanila ang kaharian ng langit. Mapapalad kayo kapag kayo ay nilalait, inuusig, at pinagsasabihan ng sari-saring kasamaan na pawang kasinungalingan dahil sa Akin." (Mateo 5:10-11)

* * *

Kapag kayo ay nagsasalita tungkol kay Cristo, asahan ninyo ang panggigipit, panlalait, at paninirang-puri.

Binanggit ni Jesus ang tatlong mga malawak na pangkat ng pagdurusa na daranasin ng mga Cristiano. Ang una ay *pag-uusig:* "Inusig" (Mateo 5:10) at "inuusig" (t. 11) ay parehong galing sa salitang-ugat sa Griyego na ang kahulugan ay "manggipit" o "tratuhin sa isang masamang paraan." Ganito ang literal na sinasabi ng talatang 10, "Mapapalad ang mga taong pumapayag na sila'y usigin." Kayo ay mapalad kapag ginigipit kayo ng iba dahil sa inyong paninindigang Cristiano at handa ninyong tanggapin nang dahil sa inyong Panginoon.

Ang ikalawang larawan ng pagdurusa ay "panlalait" (t. 11), na salin mula sa isang Griyegong salita na ang kahulugan ay "mapintasan," "manlait," o "mapagsabihan ng mga pang-iinsulto." Tinutukoy nito ang mapang-abusong pananalita -- nananakit ng iba sa pamamagitan ng malulupit at mapangutya na mga salita. Ginamit ito sa Mateo 27:44 tungkol sa pangungutya na tiniis ni Cristo sa Kanyang pagkakapako sa krus. Naganap ito sa Kanya, at ito ay daranasin din ng Kanyang mga tagasunod.

Ang huling pangkat na binanggit ni Jesus ay paninirang-puri -- mga kasinungalingan na sinasabi ng ibang tao laban sa iyo. Ito na siguro ang uri ng pag-durusa pinakamahirap tiisin dahil sa ang ating pagiging mabisa para sa Panginoon ay may direstahang kinalaman sa ating personal na kalinisang-puri at paninindigan. Kapag may sumusubok na gibain ang reputasyon na sinikap mong itatag nang iyong buong buhay, iyan nga ay isang napakahirap na pagsubok!

Kapag kayo ay dumaraan sa isang panahon ng matinding pagsubok nang dahil sa katuwiran, magpakatatag kayo -- dumaan rin diyan ang ating Panginoon, at nauuna-waan Niya kung gaano kahirap ito. Alam Niya ang inyong puso at mapagliling-kuran Niya kayo ng Kanyang nag-uumapaw na biyaya. Magalak kayo na maging karapat-dapat na magdusa para sa Kanya at nang dahil nasa inyo na ang Kaharian ng Langit.

* * *

Mga Suhestiyon para Ipanalangin: Ipanalangin ang mga taong hindi mabuti ang pagtrato sa inyo, hinihiling sa Diyos na sila'y patawarin at pagkalooban nawa sila ng Kanyang biyaya. * Ipanalangin na lagi ninyo sanang tratuhin ang iba ng tapat at patas.

Para sa Dagdag na Pag-aaral: Sa buong kasaysayan tiniis ng Diyos ang maraming pangungutya at paninirang-puri. Basahin ang 2 Pedro 3:3-9, pagkatapos ay sagutin ang mga tanong na ito: * Ano ang nag-uudyok sa mga taong mapangutya? * Ano ba ang kanilang tinatanggihan? * Bakit kaya hindi sila hinahatulan kaagad ng Diyos?